# Ano ang mga Oral Antiviral?

## Mga tabletang makakatulong sa paggaling ng isang taong may COVID-19.

Kung ikaw ay nanganganib na magkaroon ng malubhang COVID-19 at nagpositibo sa COVID-19 sa loob ng nakaraang 5 araw, maaari mong pag-isipang uminom ng mga inireresetang tabletang oral antiviral (iniinom na gamot na panlaban sa virus). May dalawang gamot na maaaring gamitin: Paxlovid™ (Pfizer) at lagevrio (Merck). Maaaring kwalipikado ka para sa isa sa mga gamot na ito sa COVID-19 depende sa iyong edad, kasaysayang pangkalusugan, at kung gaano katagal ka nang may mga sintomas.

Maaaring makatulong ang gamot na oral antiviral sa paglaban ng iyong katawan sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagpigil sa SARS-CoV-2 virus (ang virus na sanhi ng COVID-19) na dumami pa sa loob ng iyong katawan, ng pagpapababa sa bilang ng virus na nasa katawan mo, o ng pagtulong sa iyong immune system. Sa pamamagitan ng paggamot, maaaring hindi gaanong maging malubha ang mga sintomas mo at maaaring bumaba ang tsansang lumala ang iyong sakit at mangailangan ka ng pangangalaga sa ospital.

---

- ## PAANO KO IINUMIN ANG ORAL ANTIVIRAL?

Kapag sinabing gamot na oral antiviral, ibig sabihin, iinom ka ng mga tableta. Dapat mong inumin ang gamot na oral antiviral ayon sa bilin ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Huwag hayaang may malaktawang dosis o huwag uminom ng dagdag na dosis sakaling may nalaktawan kang isa. Dapat mong inumin ang lahat ng gamot ayon sa bilin hanggang sa maubos mo ang mga ito o hanggang sa patigilin ka ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Maaaring inumin ang mga oral antiviral nang may kasabay o walang pagkain, at inirerekomendang lunukin nang buo ang mga tableta nang hindi ito hinahati o dinudurog.

- ## PAANO KUNG MAYROON AKONG UMIIRAL NA KONDISYON SA KALUSUGAN GAYA NG SAKIT SA BATO O ATAY?

Bago ka uminom ng anumang gamot, dapat mo munang talakayin ang iyong kasaysayang pangkalusugan kasama ng provider mo sa pangangalagang pangkalusugan. Kasama na rito ang pagsabi sa kanila ng tungkol sa anumang kondisyon sa kalusugan na maaaring mayroon ka at ang mga iniinom mong inireresetang gamot, gamot na over-the-counter (nabibili nang walang reseta), bitamina, at supplement.

Ang mga taong may anumang sakit sa bato o atay ay dapat makipag-usap sa provider nila ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kanilang kondisyon bago uminom ng gamot na oral antiviral. Makakapagpasya ang provider mo ng pangangalagang pangkalusugan kung akma para sa iyo ang isang gamot na oral antiviral at kung angkop ang iyong dosis. Maaaring hindi inirerekomenda ang ilang gamot para sa mga taong may partikular na kondisyon.

## PAANO KUNG HINDI AKO KWALIPIKADO PARA SA ISANG GAMOT NA ORAL ANTIVIRAL?

Maaaring pagpasyahan ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na hindi ka kwalipikado para sa isang gamot na oral antiviral o na hindi ito akma para sa iyo. May ilang posibleng dahilan para dito. Maaaring hindi mo natutugunan ang lahat ng pamantayan para maging kwalipikado, o maaaring may kondisyon ka sa kalusugan na hindi akma para sa ilang partikular na gamot.  Talakayin ang pinakamaiinam na opsiyon sa paggamot para sa iyo kasama ng provider mo ng pangangalagang pangkalusugan.

Washington State Department of Health

DOH 825-029 May 2022 Tagalog

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa mailto:ecivil.rights@doh.wa.gov.